Balitang Manmin

BILANG 163 SETYEMBRE 4, 2016

# Naranasan sa Latin America ang Kapangyarihan ng Diyos!

## Mga Krusada ni Rev. Heesun Lee na may Panyong Nagpapagaling sa Peru at Colombia



Ang krusadang may pagpapagaling ni Dr. Jaerock Lee sa Peru noong taong 2004

Noong Hulyo 1996, nagsimula ang ministeryo ng Manmin Central Church sa Latin America nang maimbitahan ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa Argentina Blessing Crusade para sa mga Koreano. Dahil sa panalangin niya para sa mga maysakit, marami sa mga dumalo ang nagsigaling mula sa iba't ibang klaseng karamdaman. Nagdaos din siya ng seminar para sa mga pastor doon at nangaral siya tungkol sa "Mga Paraan para Lumago ang Iglesya." Mahigit sa 1,000 tao ang dumalo.

Noong Oktubre 1997, dahil tumanggap ang mga pastor ng maraming pagpapala, hiniling nila kay Dr. Lee na magdaos ng ikalawang seminar para sa mga pastor at mga pagpupulong para muling pasiglahin ang kanilang mga espiritu. Ang dalawang araw na okasyon ay dinaluhan ng may 8,000 tao (litrato 2).

Noong taong 2004, idinaos ni Dr. Jaerock Lee sa Lima, Peru ang krusada na may pagpapagaling sa Campo de Marte Park. Dinaluhan ito ng may 500,000 tao (litrato 1, si Dr. Lee, kasama ang Presidente ng Peru, bago magsimula ang krusada).

Dahil sa ipinakitang kapangyarihan sa krusada, hindi mabilang ang mga gumaling at naging Cristianong Protestante. Ang krusadang ito ay naitala bilang pinakamahusay at pinakamalaking krusada sa kasaysayan ng Cristianismo sa Peru. Pagkatapos, 670 mga iglesya ang nagrehistro o naging mga sangay at katuwang na iglesya, kabilang na ang Peru Manmin Church. Aktibo at kasalukuyang isinasakatuparan ang ministeryo sa Latin America. Marami ang tumatanggap ng mga pagpapala at nakararanas ng kapangyarihan dahil sa mga mensahe ni Dr. Lee na ibinobrodkast sa buong Latin America ng Enlace TV, ang pangunahing Cristianong brodkaster sa Latin America.

Noong Hulyo 2016, pinamunuan ni Rev. Heesun Lee, Pandaigdigang Patnubay na Pastor ng Manmin (litrato 5), ang pagpupulong na may panyong dinalanginan ni Dr. Lee sa dalawang sangay na iglesya sa South America (litrato 3, 4, 6; Ang Mga Gawa 19:11-12).

Noong Hulyo 14, inimbitahan sa pagsamba para sa ika-10 Anibersaryo ng Peru Manmin Church si Rev. Lee. Naghatid siya ng mensahe ng Diyos at nanalangin para sa mga maysakit gamit ang panyo. Pagkatapos niyang manalangin, nakapagsalita ang isang batang babae na tatlong taong naging pipi at isang batang lalaki naman ang gumaling mula sa congenital hemophilia, isang karamdamang may kinalaman sa hindi mapigilang pagdurugo, namamana ang sakit na ito. Marami pang ibang karamdaman ang napagaling at bumuti ang iba pang problema sa kalusugan tulad ng malabong paningin at pandinig, mga katarata, mataas na presyon ng dugo, at sakit sa thyroid.

Noong Hulyo 16, nakilala ni Rev. Lee si Rosalba Rodriguez de Rincon, Presidente ng Enlace TV sa Colombia, at ang asawa nito. Sinabi nito, "Ibinabahagi sa mga manonood ng mga programa ng GCN sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee ang dalisay na ebanghelyo ng kabanalan at ang pinakamahusay na kultura ng pagtatanghal. Maraming naliligtas, nabibiyayaan at gumagaling mula sa mga karamdaman dahil sa mga programa. Nagpapasalamat ako."

Noong Hulyo 17, idinaos ng Colombia Manmin Church ang pagsamba para sa kanilang ika-4 na anibersaryo. Itinatag ang iglesyang ito ng mga taong nakarinig ng mga sermon ni Dr. Lee na ibinobrodkast sa Enlace TV. Idinalangin ni Rev. Heesun Lee ang mga maysakit gamit ang panyong makapangyarihan sa pagsamba. Naging malinaw at maliwanag ang paningin nina Kapatid na Catalina Corredor (10 taong nearsighted) at Carolina Garcia (20 taong astigmatic). Gumaling din ang paningin (amblyopia) ni Kapatid Nora Chapano. 30 taon na niyang pinagdurusahan ito. Marami pang ibang gumaling mula sa hika, mataas na presyon ng dugo, at 40 taong pulmonya.

Luwalhatiin at pasalamatan natin ang Diyos na kumikilos ayon sa Salita at mga tanda. Binibiyayaan Niya ang Manmin ng pag-ibig at kapangyarihan Niya.



### "20 Taon Akong Nagsuot ng Salamin sa Mata, Pero Ngayon Hindi Ko na Kailangan Ito!"

Kapatid Carolina Garcia, 29 taong gulang, Colombia Manmin Church

Magmula noong 9 taong gulang ako, kinailangan kong magsuot ng salamin sa mata dahil nearsighted at astigmatic ako. Nabalitaan ko na pupunta si Rev. Heesun Lee, Pandaidigang Patnubay na Pastor ng Manmin, para mamuno sa pagsamba sa Ika-4 na Anibersaryo at sa Pagpupulong na may Pagpapagaling gamit ang panyo (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Inabangan ko ang pagpupulong na ito, nanalangin ang puso ko habang nagtatrabaho at nagboluntaryo ako na magdekorasyon ng santuwaryo para sa anibersaryo. Naghandog ako ng tatlong araw na pag-aayuno, at nanampalataya at maalab na nanalangin na maranasan ang kapangyarihan ng Diyos. Noong Hulyo 17, inihatid niya ang mensahe sa anibersaryo at pagpupulong na may panyong nakakapagpagaling. Inilapat niya ang panyong dinalanginan ni Dr. Jaerock Lee sa mga mata ko. Nang sandaling iyon, parang naging napakainit ng mga mata ko, parang nasusunog. Suot ko ang salamin ko noon. Pagkatapos kong tanggapin ang panalangin, lumabo ang paningin ko, kaya hinubad ko ang salamin ko. Napansin kong napakalinaw na ng paningin ko kahit walang salamin. Hallelujah!

# Ang Lihim na Karunungan na Itinalaga ng Diyos Bago Pa Magsimula ang Panahon



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

“Kundi nagsasalita kami tungkol sa karunungan ng Diyos, na hiwaga at inilihim, na itinalaga ng Diyos bago ang mga panahon para sa ikaluluwalhati natin.”
(1 Mga Taga-Corinto 2:7)

Bago magsimula ang panahon, nagplano ang Diyos ng pangangalaga ng sangkatauhan, naghanda Siya ng paraan kung paano maliligtas ang lahat ng tao sa mundo. Inilihim Niya ang planong ito hanggang sa itinakda Niyang panahon. Ano ang hiwaga ng kaligtasan na inilihim ng Diyos bago pa magsimula ang panahon?

### 1. Naiplano na ang daan patungo sa kaligtasan ng sangkatauhan

Pagkatapos tuksuhin ng ahas at sumpain sina Adan at Eva dahil kumain sila mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama, nagsalita ang Diyos tungkol sa kaligtasan ng sangkatauhan. Sa Genesis 3:15, sinabi Niya, “Maglalagay Ako sa iyo at sa babae ng pagkapoot sa isa't isa, at sa iyong binhi at sa kanyang binhi. Ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kanyang sakong.”

Sa espirituwal na diwa, ang “babae” ay Israel at ang “binhi” ay si Jesu-Cristo na magmumula sa bayan ng Israel (Pahayag 12:5). Sinabi ng Diyos ang tungkol sa pagpako sa krus kay Jesu-Cristo, na magmumula sa Israel, wawasakin Niya ang kapangyarihan ng kaaway na Satanas, at Siya ang magliligtas sa sangkatauhan. Dahil batid ito ni Satanas, desperado at galit na galit siya sa pag-aabang sa pagdating ng Tagapagligtas.

At ipinanganak nga si Jesus sa isang lugar na kung tawagin ay Bethlehem sa Israel may 2,000 taon na ang nakaraan. Sinikap ng kaaway na Satanas na ipapatay ito sa pag-udyok kay Haring Herodes na hari ng Israel nang panahong iyon. Nakapanaginip si Jose ng isang anghel ng Panginoon, tumakas siya patungong Ehipto kasama si Jesus. Maraming beses tinangka ni Satanas na mapatay si Jesus, ginamit niya ang kasamaan ng mga Fariseo at pari pero pinanatili Siyang ligtas ng Diyos.

Pero, nang dumating ang itinakdang oras ng Diyos, binihag Siya ng masasamang tao, namatay Siya sa isang nakakakilabot na kamatayan sa krus. Akala ni Satanas nalutas na ang lahat ng problema niya dahil sa kamatayan ni Jesus, pero narito pala ang lihim ng Diyos. Sa pagpatay ng kaaway na Satanas sa walang-salang si Jesus, naging daan siya para matupad ng Diyos ang kalooban Niya.

### 2. Ipinako sa krus si Jesus at Siya ay muling nabuhay

Ayon sa espirituwal na batas na mababasa sa Mga Taga-Roma 6:23, “Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan,” ang parusa para sa mga makasalanan ay kamatayan. Kaya, nang patayin ng kaaway na diyablo si Jesus na walang ginawang kasalanan, nilabag niya ang batas ng espirituwal na kaharian. Dahil dito, dapat niyang bitawan ang awtoridad niya – ang kapangyarihang maghari sa tao at sa kamatayan.

Kahit namatay si Jesus sa krus, nagtagumpay Siya sa kamatayan, muli Siyang nabuhay dahil wala Siyang kasalanan. Kaya, sinumang magtiwala sa Panginoon, na namatay sa krus at muling nabuhay, ay lalaya mula sa kapangyarihan ng kaaway na Satanas, makakapasok sila sa langit (Mga Taga-Roma 5:18-19). Natupad ang ang sinabi ng Diyos sa Genesis – “Ito ang dudurog ng iyong ulo” (Genesis 3:15).

Kung nalaman ng kaaway na diyablo ang kalooban ng Diyos tungkol sa krus, hindi nya pinadakip at pinatay si Jesus (1 Mga Taga-Corinto 2:8-9). Dahil batid ni Jesus, na Siya ring Diyos, ang plano tungkol sa kaligtasan, namatay Siya sa krus bilang pagsunod.

Kaya, sinasabi sa atin ng Mga Taga-Roma 10:10, “Sapagkat sa puso ang tao'y nananampalataya kaya't itinuturing na ganap, at sa pamamagitan ng bibig ay nagpapahayag kaya't naliligtas,” sinumang mananahan sa Panginoon sa pamamagitan ng pananampalataya ay maliligtas ayon sa pagpapala ng Diyos.

### 3. Maliligtas tayo kapag sasampalatayа tayo at tutulad kay Jesu-Cristo

Anong kahulugan ng “Mananahan sa Panginoon sa pamamagitan ng pananampalataya”? Sa Juan 6:56, sinasabi sa atin ni Jesus, “Ang kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking dugo ay nananatili sa Akin, at Ako'y sa kanya.” Ang itinutukoy ng kumain at uminom ng laman at dugo ng Anak ng Tao ay pagninilayan araw-araw ang Salita ng Diyos, susundin ito, at ipapakita ang pruweba ng ating pananampalataya. Mananahan tayo sa Panginoon at Siya ay mananahan sa atin.

Pero siyempre, hindi madaling sumunod at mamuhay agad ayon sa Salita ng katotohanan kapag tumanggap kayo sa Panginoon. Kapag taos-pusong nagsikap naman ang isang tao na sundin ang Salita ng Diyos, kikilalanin ng Diyos ang pagsunod niya bilang pananampalataya. Ang pagsunod sa Salita ng Diyos at pagtulad sa ating Panginoon nang may pananampalataya ay mga paraan para manahan sa atin ang Panginoon.

Sinasabi sa atin ng 1 Juan 1:7, “Ngunit kung tayo'y lumalakad sa liwanag, na tulad Niya na nasa liwanag, may pakikisama tayo sa isa't isa, at ang dugo ni Jesus na Kanyang Anak ang lumilinis sa atin sa lahat ng kasalanan.” Kapag lumakad tayo ayon sa Salita ng Diyos na siyang “Liwanag,” lilinisin ng dugo ni Jesus ang lahat ng mga kasalanan natin. Bukod dito, makikibahagi tayo sa luwalhati ng muling pagkabuhay at magkakaroon tayo ng maligayang buhay sa walang hanggang kaharian ng langit.

### 4. Magiging mga tunay na anak tayo ng Diyos kapag lalakad tayo sa Liwanag pagkatapos ipanganak muli

Sa Pahayag 3:20, sinasabi ng Panginoon sa atin, “Makinig ka! Ako'y nakatayo sa may pintuan at tumutuktok; kung diringgin ng sinuman ang Aking tinig at bubuksan ang pinto, Ako'y papasok sa kanya, kakaing kasalo niya, at siya'y kasalo Ko.” Kung sinuman magbukas ng pintuan ng kanyang puso at tatanggap sa Panginoon, ipinapangako ng Diyos na patatawarin siya at mananahan sa kanya.

Kapag bubuksan natin ang pintuan ng puso natin kinakailangang buksan din natin ang pintuan ng isipan natin. Kung makikinig tayo ng mga mensahe ng Diyos, huwag nating gamitin ang sariling saloobin at kaalaman, tanggapin natin ang Salita Niya. Sa paraang ito, bibigyan tayo ng lakas ng Banal na Espiritu na darating sa puso natin para tulungan tayo na mamuhay nang may tunay na pananampalataya at ayon sa Salita Niya.

Ganito ang paaraan ng kapanganakan nating muli sa tubig at sa Banal na Espiritu, at sinumang ipinanganak sa ganitong paraan ay anak ng Diyos. Nakatala ang pangalan niya sa Aklat ng Buhay sa langit, kung saan ay mamamayan siya. Kung may mga tuntunin at batas na dapat sundin sa mundong ito, may mga batas din sa kalangitan. Makikita ito sa Salita ng Diyos Ama natin. Kapag lumalakad tayo sa Liwanag, hindi tayo tutuksuhin ng kaaway na Satanas. Sa halip, mabubuhay tayo sa ilalim ng proteksyon ng Diyos at sa umaapaw na biyaya Niya hanggang sa makarating tayo sa Langit.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, mababasa sa Ang Mga Gawa 16:31, “At kanilang sinabi, ‘Manampalataya ka sa Panginoong Jesus at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sambahayan.'” Inihanda ng Diyos ng pag-ibig si Jesu-Cristo para magligtas ng lahat ng taong mananampalataya.

Inilihim ito ng Diyos, at sa itinakda Niyang panahon, binuksan ng Panginoon ang daan para sa kaligtasan. Dahil sa pag-ibig Niya, tinanggap Niya ang pagbitay sa krus. Ginawang posible ng Diyos na sinumang magtitiwala kay Jesu-Cristo ay tatanggap ng Banal na Espiritu, kaligtasan, at muling pagkabuhay. Tatamasa sila ng buhay na walang hanggan sa Langit.

Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na madama nawa ninyo ang pag-ibig ng Diyos, magkaroon ng pusong tapat na may katiyakan ng pananampalataya para makapasok sa walang hanggang Langit bilang mga anak ng Diyos.




## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles' Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

“Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)

“Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

Mula sa pahina 4

## *Retreat sa Tag-init ng Manmin Taong 2013 'Pagpapalago ng Pagtitiwala'*



Noong Agosto 5, 2013, nagdaos ng seminar sa Retreat sa Tag-init. Natatakpan ng maiitim na ulap ang kalangitan noon, nagsimulang umulan ng malakas.

Nanalangin ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, "Ama sa Langit, bigyan Mo kami ng mabuting panahon. Mga ulap na nagdadala ng ulan, lumayo kayo, ngayon din! Ama, alisin po Ninyo ang mga ulap. Magpakita po kayo sa amin ng mga bituin. Samahan po ninyo kami sa lahat ng oras. Ulan, tumila ka! Pagliwanagin ang kapaligiran! Sa pangalan ni Jesu-Cristo, idinadalangin ko. Amen!"


Agad nawala ang maiitim na ulap, lumabas ang bughaw na langit sa ibabaw ng lugar kung saan ginagawa ang seminar. Parang nakasilip ang bughaw na langit sa malaking butas sa gitna ng maiitim na ulap. Nanatili ito hanggang sa matapos ang seminar. Tumila na ang ulan at hindi na umulan hanggang matapos ang seminar. Nakita ang mga bituing maningning dahil sa maaliwalas na kalangitan.

Nakakamangha na nahati sa dalawang direksyon ang maiitim na ulap sa langit. Bukod dito hindi naglapit o nagdikit ang mga ulap sa loob ng apat na oras. Kamangha-mangha talaga! Mayroon ding preskong hangin na mabilis na tumuyo sa basang damit ng mga tao.

Nakatulong sa paglago ng pananampalataya ng mga dumalo ang nakakamanghang pangyayaring ito. Napakaraming gumaling mula sa mga karamdaman dahil sa panalangin para sa mga maysakit pagkatapos ng seminar.



**Si Skyla na miyembro ng Penang Manmin Deaf Church sa Malaysia** ay isang taong gulang noong panahong iyon. Parehong bingi ang mga magulang niya at ayaw nilang maging bingi din siya. Pero ayon sa pagsusuri ng ospital, magiging bingi din ito. Hindi sila nalungkot dahil nanampalataya sila na gagaling ang anak nila kapag pumunta sila sa Retreat sa Tag-init ng Manmin sa Korea.



Noong Agosto 5, 2013, pagkatapos ipanalangin ang mga maysakit, nagsimulang makarinig ng mga tunog ang anak nila. Kapag may nagtanong sa kanya, tatango siya, parang nakaintindi. Lumingon pa ito nang tawagin ang pangalan niya. Umakyat sa entablado ang nanay niya habang karga siya. Nagpatotoo siya habang lumuluha tungkol sa paggaling ng anak niya.



**Nasuri ng mga doktor na may kanser sa pancreas si Diakono Jaesu Jeon, 70 taong gulang, miyembro ng Daegu Manmin Church,** malala na ito (3rd stage). Pinagnilayan at pinagsisihan niya ang buhay niya noon. Pinagsisihan niya na nagpahirap siya sa ibang tao. Nakakaramdam siya ng matinding pananakit, parang ginugupit ang mga bituka niya. Pero nang tanggapin niya ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga maysakit pagkatapos ng seminar, nawala lahat ng pananakit.

Pumunta siya sa ospital pagkatapos ng retreat, natiyak niya na magaling na siya. Sinabi ng doktor, "Hindi ko alam kung paano nangyari ito, napakaliit na ng tumor, hindi na ito makita." Dahil lubos ang pagpapasalamat sa Diyos na nagpagaling sa kanya, maaga na siyang pumunta sa iglesya at nililinis niya ang mga santuwaryo kapag Linggo. Araw-araw, idinadalangin niya ang pagpapabanal ng puso niya, si Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, ang mga miyembro ng iglesya, at itinatanim niya sa puso ang pagpapala ng Diyos.

## *Retreat sa Tag-init ng Manmin Taong 2014 'Pagpapatunay ng Ating Pagtitiwala'*



Ang Agosto 4, 2014 ang unang araw ng Retreat sa Tag-init ng Manmin. May nangyaring hindi inasahan, inulan ang unang pagsamba at ang seminar. Pinakinggan ng mga dumalo ang mga mensahe habang umuulan, hindi sila nagpayong.

Ipinaalala ng ulan sa kanila ang tungkol sa pagpapala ng Diyos, ng Panginoon, at ng pastol na lumuluha para sa kanila. Mas nadama nila ang pagpapala. Naalala nila ang krusada ni Dr. Jaerock Lee sa India noong taong 2002 kung saan nanatiling nakikinig at nakatayo sa malakas na ulan ang mga tao. Tumuon sila sa mensahe. Pagkatapos ng seminar, idinalangin ni Dr. Lee ang mga maysakit, maraming gumaling, at mas naipahayag ang kaluwalhatian ng Diyos. Masaya sila kapag naaalala nila ang krusada.

Mahirap para sa ibang tao na maging mapagpasalamat at maligaya, pero naniniwala ang karamihan sa kanila na may mabuting kalooban ang Diyos, nagtiwala lang sila. Kapag may nangyayaring hindi inaasahan, nais ng Diyos na makita sa atin ang tunay na pananampalataya at hindi nagbabagong pagtitiwala. Ang pananampalataya ay pagtitiwala na ang Diyos ay mabuti kahit ano pa ang mangyari. Ito ang inasahan Niyang makita sa atin sa retreat. Habang idinadaos ang retreat, hinayaan Niya na sukatin ng mga dumalo kung gaano kalapit ang pananampalataya nila sa pananampalatayang nais ng Diyos.



Noong taong 2013, pinatila ng Diyos ang ulan dahil sa pag-ibig Niya. Sa taong 2014, ibinigay Niya ang pagkakataon na mapuno ang sukat ng katarungan sa pamamagitan ng pag-ulan. Ito ay isang pagkakataong mapatunayan ang kanilang pagtitiwala, pag-ibig, at pananampalataya sa Diyos at sa pastol. Bukod dito, nagkaroon ng mga kasagutan ang mga panalangin nila, marami ang gumaling mula sa mga karamdaman at nalutas ang mga problema nila.



**Sinabi ni Pastor Igor Bashlov (Blessing Church, Jyvaskula, Finland),** "Ang dakilang guro ay may mga dakilang disipulo. Namangha ako sa mga taong nagpaulan hanggang matapos ang seminar. Bukod dito, hindi umalis si Dr. Lee hanggang hindi tumila ang ulan kahit tapos na ang paghahatid niya ng mensahe at pananalangin. Wala na sigurong ibang pastor tulad niya dito sa mundo. Pakiramdam ko, pasado sa pagsusulit ang pananampalataya nilang lahat."

# Immanuel – Ang Diyos ay Kasama Natin!

**Idinadaos ng Manmin Central Church ang Retreat sa Tag-init tuwing buwan ng Agosto. Nagtitipon ang buong pamilya ng Manmin mula sa buong mundo at ang iba pa ay nakikibahagi sa pamamgitan ng sabayang pagbobrodkast ng GCN. Alalahanin natin at magbalik-tanaw tayo sa pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos sa mga retreat sa tag-init sa nakaraang tatlong taon (Mga Awit 62:11).**

## *Retreat sa Tag-init ng Manmin sa Taong 2015, 'Hanapin ang Pag-ibig ng Diyos na Parang Naghahanap ng Kayamanan'*



Noong Agosto 3, 2015, bago pumunta sa retreat, may nakitang bahaghari na nakapalibot sa araw. Nadama ng mga miyembro ng iglesya ang pag-ibig ng Diyos, tumungo ang mga miyembro sa lugar na pagdadausan na puspos ng Banal na Espiritu.

Sa retreat na ito, nagpakita ang Diyos ng himala, nagpadala Siya ng preskong simoy ng hangin kaya naging napakabuti ng panahon. Sa katunayan, inanunsyo na mayroong matinding init at may mga namatay na dahil dito kaya dapat mag-ingat. Pero, nagpatuloy ang paghihip ng malamig at preskong simoy ng hangin sa lugar ng retreat. Nangibabaw ito sa temperatura at halumigmig. Nanatili ang pinakamabuting panahon.

Tulad ng dati, kinain ng pulutong ng tutubi ang mga lamok at iba pang masama at mapanirang insekto. Dumapo din ang mga ito sa mga dumalo, hindi naging mailap sa mga tao. May mga ulap na lumutang paikot sa lugar ng pinagdausan, parang may mga imaheng espirituwal. Bawat pagpupulong na ginawa ay puno ng pagpapala at emosyon. Masayang-masaya silang makita ang mga bagay na magpapatunay na naroon ang Diyos.

Bukod dito, gumaling ang mga may kanser, sakit sa balat, nakausling buto sa likod, mga butong may lamat, at iba't ibang pananakit ng katawan. Nakakita at nakarinig ang iba. May mga nakapaglakad, itinapon nila ang kanilang mga tungkod at silyang may gulong. Napuno ang entablado sa dami ng gustong magpatotoo ng kanilang paggaling (litrato sa ibaba). May batang lalaking gumaling mula sa autism, at marami pang gumaling mula sa mga sakit na hindi nagagamot. Mga 27-28 bingi mula sa ibang bansa ang nakarinig.



Ayon sa pagsusuri, may sakit na AIDS **si Kapatid Bampa Sella Omer, 65 taong gulang, mula sa Kinshasa Manmin Church, DR Congo.** Lumalala ang panghihina niya hindi siya makakain at makapaglakad. Wala siya magawa kundi hintayin ang kamatayan niya. Pero, noong Oktubre 2014, sinumulan niyang magsulong ng buhay bilang Cristiano sa Kinshasa Manmin Curch. Samantala, dinaluhan niya ang Retreat sa tag-init ng Manmin noong taong 2015 na ipinapalabas sa GCN. Nang tanggapin niya ang panalangin ni Dr. Lee, ang nag-init ang katawan niya, dahil ito sa apoy na Banal na Espiritu. Nawala ang lahat ng sintomas, bumalik ang kalusugan niya.

◆

Lumalayo sa Diyos ang mga tao ngayon. Laganap ang mga kasalanan at kasamaan. Hindi sila naniniwala kung hindi nila makikita. Sa masamang henerasyong ito, nagpapakita ang Diyos ng walang katapusang mga tanda, himala, at kapangyarihan sa pamamagitan ni Dr. Jaerock Lee. Dahil dito, maaaring gamitin ng mga miyembro ng Manmin ang kanilang malayang kalooban at hangarin ang malinis na puso na espirituwal at banal. Nagdesisyon sila na magdadala sila ng lugod sa Diyos, sa Panginoon, at sa pastol. Nagsisikap silang lahat para magkaroon ng pusong tapat at may ganap na katiyakan (Sa Mga Hebreo 10:22).

Sa bawat taon, dinadagdagan ng mga miyembro ng Manmin sa loob at labas ng Korea ang pagtitiwala at pag-ibig nila para sa pastor sa mga retreat sa tag-init. Sa ikatlong yugto ng muling pagsisimula, tutuparin nila, bilang mga espirituwal na mandirigma, ang kalooban ng Diyos para sa lahat ng tao sa lahat ng bansa sa panahong malapit ng magwakas. Inaabanagan na nila ang Retreat sa Tag-init ng Manmin para sa taong 2016 at ang pagpapakita ng kahanga-hangang kapangyarihan at mga biyaya.



**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714